

Prologue



October 2011

“Hoy, Meg,” tawag ng kanyang kaklase matapos itong tumabi sa kanya. Ilang minuto na siyang nakatayo sa may pintuan ng classroom nila.

Lunch break na at tapos nang mananghalian si Meg kasabay ng best friend niyang si Amethyst. At dahil kagabi pa lang ay natapos niya na ang assignment at wala na siyang iba pang gagawin para sa next subject, nagbabakasakali siyang makasilay kung dadaan si Viel at ang mga kaibigan nito.

Gaya ng ordinaryong estudyanteng babae, marami ring crush si Meg ngunit unang-una sa listahang iyon si Viel Valderrama.

Batid ng dalagita ang kanyang limitasyon at prayoridad sa buhay, alam niyang walang masama kung ma-appreciate man niya ang opposite sex sa edad niyang fifteen.

Isa pa, healthy admiration lang naman iyon. Bukod sa pagmamahal sa mga magulang, at pagkakaroon ng sariling pangarap, inspirasyon niya rin ang paghanga na iyon para mas mapabuti ang sarili.

Halimbawa na doon ang pagpasok niya nang maaga. Nasisilayan niya na ang hinahangaan, hindi pa siya nale-late.

Unconsciously, lumawak ang ngisi at kumislap ang mga mata ni Meg nang mamataan ang pagdaan ng lalaking hinahangaan.

“Viel!” tawag ng katabi niya. Noong una ay hindi niya pa pinansin iyon, pero nagsisi siya na sana pala kanina niya pa ito pinaalis. “Crush ka daw ni Meg!” anunsyo nito sa lahat ng third year high school students na nasa hallway ng floor na iyon.

Parang natuod ang dalagita sa kanyang kinatatayuan dahil sa kahihiyang nararamdaman. Ni hindi man lang siya nakatanggi, hindi siya nakapagsalita.

Sa loob-loob ni Meg, hiniling niya na sana ay maglaho na lang siya bigla gaya ng bula.

Inakala niyang iyon na ang pinakanakakahiyang pangyayari sa buhay niya, nagkamali siya. Mas nakakadurog hindi lang ng puso kundi maging ng kumpyansa sa sarili ang mga sinabi ng lalaking kanyang hinahangaan.

“Hindi ako pumapatol sa pangit.”

Mula noon, napagtanto niyang nagkamali yata siya ng lalaking hinangaan.



“Hi, mommy, long time no see.”

Literal na nabitin sa ere ang isusubo na sana niyang chocolate cake nang marinig ang boses. Nag-angat si Meg ng tingin para lang umasim ang itsura nang makita niya kung sino ang lalaking umupo sa harapan niya.

Si Viel Valderrama.

Sa kabila ng pitong taong pag-iwas at pagpipigil sa sarili na makibalita ng kahit anong tungkol sa lalaki, hindi inaasahan ni Meg na sa muli nilang pagkikita ay mararamdaman pa rin niya ang kaba niya noon kapag nasa paligid ito.

Muli, tumahip ang dibdib niya gaya noong high school pa lamang sila.

Hunyo 2012, fourth year high school. Gaya ng ordinaryong estudyante ay masayang-masaya siya sa unang araw ng pasukan. Siyempre, may baon na

ulit at makikita niya pa muli ang mga kaibigan.

Maingay ang mga estudyante nang makapasok sa classroom buhat sa orientation na naganap kani-kanina lang sa assembly hall. Excited na nakikipagkwentuhan si Meg sa kaibigang si Amethyst at sa iba pang kaklase nang biglang pumasok ang class adviser nila para sa buong taong iyon.

Parang may dumaang anghel sa katahimikan nang bumulaga sa harapan si Sir Eduardo Carbilledo. Nanlaki ang mga mata ni Meg. Kilalang matinik na Math teacher ang lalaki! Isa ito sa mga guro na masasabing magaling. Sabi ng iba, mabait ito pero istrikto rin daw. Ngayon pa lang, kinakabahan na si Meg, hindi siya magaling sa Mathematics!

Pero nang pumasok ang isang matangkad at morenong lalaki ay hindi lang nanlaki ang kanyang mata niya, literal na nalaglag rin yata ang panga niya at bumilis ang pintig ng puso... sa ligaya, kasabikan, takot, kahihyan, at galit.

Bakit nandito ang lalaking ito?

Matalas ang naging tingin dito ng adviser bago istriktong nagsalita na mas nagpatahimik sa buong klase.

“What’s your name? Why are you late?”

Ngumisi ang lalaki at mas sumikdo ang puso ni Meg. Nagtatalon iyon na para bang siya ang nginitian, kahit na alam niyang mas malaki ang tyansang hindi siya mapansin nito.

Bakit nga ba pagkatapos ng lahat, para bang gusto niya pa ring mapansin nito?

“Viel Valderrama po, Sir. Sorry, I’m late, may inasikaso pa po ako sa registrar,” anito saka boyish na humawak sa batok na para bang nahihya, pero mukhang natatawa naman talaga.

Tumango na lang ang guro kahit mabusisi pa ring tinitigan ang binata, bago sinabing sa susunod ay hindi na ito dapat ma-late pa. Metikulosong nag-discuss ito ng house rules, pero nang lumaon ay nagbibiro na rin si Sir Carbilledo kaya kahit paano ay naging at ease na ang klase.

Umangal lamang ang ilan nang sinabi nitong oras na upang ayusin ang seating arrangement at alphabetical daw iyon. Gusto rin sanang magprotesta ni Meg, kaso mas malaki ang takot niya rito kaya huwag na lang. Saka para namang may magagawa iyon?

“Gonzalo, Margarita Emerald A.,” tawag ng class adviser sa pangalan niya. Nanginginig na nagtaas siya ng kamay at nagsabi ng present.

“Sa tabi ni Viel! Sa tabi ni Viel!” anang isang kaklaseng lalaki na hindi niya natukoy pa dahil nagsimula nang mang-asar sa kanya ang lahat.

Ramdam ni Meg ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi at siguradong namumula na iyon sa kahihyan. Parang bigla ring nanariwa sa kanya ang pait ng mga sinabi ng lalaki halos isang taon na ang nakararaan.

Kaya hindi niya maintindihan kung bakit hanggang ngayon, sa tuwing nasa paligid si Viel, ay may kiliti pa rin siyang nararamdaman? Paanong nakakaramdam pa rin siya ng kilig kahit na nagagalit siya rito?

Napatungo na lamang si Meg sa kahihyan nang hindi pa rin tumigil ang magagaling niyang kaklase sa pang-aasar. Siya ang nahihya at natatakot sa pinaggagagawa ng mga ito. Mamaya siya pa ang mapagalitan, eh.

Humanda ang mga ito mamaya, aniya sa sarili, kukutusan niya ito isa-isa.

Nang tingnan ni Meg ang kanilang adviser ay

nangingiti pa yata ito sa ginagawa ng kanyang mga kaklase kaya mabilis siyang nagbaba ng tingin. Kung pwede lang siyang tumakbo palabas ng classroom ay talagang gagawin niya.

“Mag-boyfriend kayo?” tanong ng teacher kaya naghagalpakan na naman ang buong klase.

Mabilis na muling nag-angat si Meg ng tingin upang umiling. Una, ayaw niyang mapatawag sa discipline’s office at pangalawa’t higit sa lahat, nahihya siya kay Viel. Baka mamaya isipin pa ng unggoy na iyon na nagpapakalat siya ng mga maling balita.

“Hindi po!” sabi ng isang classmate niya. “Pero crush niya si Valderrama, Sir.”

Tinapunan niya ito ng matalim na tingin na tinawanan lamang nito. Sa kahihyan at pag-aalala ay nilingon niya si Viel, para lamang makita na nakatingin din pala ito sa kanya; kumabog ang dibdib niya ngunit agad na napalitan iyon ng inis nang makitang nakataas ang isang kilay ng lalaki.

Inirapan niya si Viel. Huwag itong mag-alala, hindi niya rin gusto ang nangyayari. At kung nahihya ito ay mas nahihya siya.

Nabasag ang saglit na paghihinang ng nanlilisk nilang mga mata nang magsalita na si Sir Carbilledo.

“Sige, d’un ka sa tabi ni Valderrama,” anito na talagang nagpalaglag sa panga ni Meg.

“Pero hindi na po alphabetical ’yun, Sir,” protesta ng kaklase niyang babae.

Hindi niya na kailangan pang magtanong, alam niyang may gusto rin ito kay Viel. Halata sa nagseselos nitong mga tingin kaninang inaasar sila ng lahat.

“Oo nga, Sir,” lakas-loob na pagsang-ayon ni Meg, ngunit naging mas matindi pa ang balik niyon

sa kanya.

“Ayo lang ’yan, para mahiyang magdaldal itong si Miss Gonzalo,” pabiro pang sabi ng guro. Nagtawanan ulit ang kanyang mga kaklase niya. “Balita ko ay maingay ito, eh.”

Ayaw sana talagang lumipat ni Meg, kaso wala siyang magagawa kaya mabagal na lang siyang naglakad papunta sa tabi ni Viel. Tahimik lamang ito at parang walang pakialam sa mga nangyayari sa paligid.

Halos manigas siya nang makaupo.

Noon, sumisimple lamang siya ng tingin dito kapag naglalakad ito kasama ng mga kaibigan sa hallway. O di kaya, mataktika siyang tumatanaw sa classroom nila kapag madadaan niya iyon pero ngayon, heto at katabi ni Meg ang lalaking apat na taon niya nang hinahangaan at tinitingnan mula sa malayo.

Nagpatuloy ang pag-aayos ng seating arrangement hanggang sa matapos iyon at nagpaalam na ang kanilang adviser dahil first subject na. Nagpakilala lang ang teacher sa first subject at ganoon din ang mga sumunod dito. Matapos ang first two subjects ay nag-recess na, dahilan upang makahinga na si Meg nang maluwag.

Ngunit hindi nagtagal iyon dahil tatlumpung minuto lang ang breaktime at matapos iyon ay pangatlong subject na. Nagdilang-anghel nga ang kanilang class adviser, ni hindi man lang siya nakapagsalita mula kanina. Paano ba naman dalawang lalaki ang katabi niya, si Viel at isang tahimik na transferee.

Hindi naman nagtagal ay dumating na ang teacher para sa third subject. Nagpakilala ito at gaya ng iba ay sinabi rin nito ang mga gusto at hindi

gusto. Nagbigay rin ito ng project. Dapat daw silang magtanim at mag-alaga ng halaman. I-che-check iyon every grading period. Hindi iyon dapat mamatay at dapat gawan ng documentation.

“Your seatmate will be your partner,” pahayag ng guro at sa hindi niya na mabilang na beses sa araw na ito ay nanlaki na naman ang mga mata ni Meg.

Iniiwasan niya nga ang katabi at kahit nangangati na ang dila niya sa pagdaldal ay pigil na pigil siya. At ngayon wala siyang choice kundi kausapin ang unggoy sa kanyang tabi!

Hinintay lang ni Meg na matapos ang klase para sa buong araw upang makapag-ipon ng sapat na lakas ng loob na kausapin si Viel. Ilang beses niya iyong pinag-isipan at kahit na desidido na ay mabilis pa rin ang pintig ng kanyang puso. Ninenerbyos siya. Ito ang unang beses na mag-uusap talaga sila.

Binagalan ni Meg ang pag-aayos ng gamit dahil nakikipag-usap pa ang lalaki sa iba nilang kaklase. Mabuti na lang, pinauna na nito ang mga iyon.

Isinukbit niya ang bag sa likod saka tumikhim para makuha ang atensyon ng lalaki.

Tiningnan siya nito at pinagtaasan ng kilay. Kumabog nang mas malakas ang kanyang dibdib. Pasadahan lang siya nito ng tingin ay hindi na magkamayaw ang kanyang puso, paano pa kung ganitong direkta itong nakatingin sa mga mata niya? Nakakapanghina kahit pa parang bored na bored naman ang itsura nito.

“May sasabihin ka ba?”

Lumunok si Meg at pilit na pinalabas ang boses. Pinatatag niya rin ang kanyang anyo.

“Yung sa halaman, kung gusto mo ng ibang partner, sabihin na lang natin kay Ma’am?”

“Kung ayaw mo sa ’kin, ikaw ang magsabi sa kanya,” singhal nito saka isinukbit na rin ang bag.

“Hindi naman sa gan’on,” habol niya dahil nag-umpisa na itong tumalikod at maglakad palayo. “Ayoko lang namang maging awkward para sa ’yo.”

Bigla itong humarap kaya muntik na siyang mabunggo sa likod nito.

“Hindi magiging awkward sa akin kasi hindi naman ako ’yung may feelings sa ’tin.”

Literal yatang natigil ang paghinga niya nang ilang saglit dahil sa sinabi ni Viel. Alam naman ni Meg na open secret ang pagkagusto niya rito pero hindi niya kailanman inasahan na kaya nitong sabihin ang bagay na iyon sa mismong harapan niya.

Nang hindi siya nakasagot ay ginulo nito ang kanyang buhok na parang ginagawa ng isang kuya sa nakababatang kapatid na babae. Napasimangot siya.

“You’ll get over that though.” Iniwanan siya ni Viel ng nakakaasar na ngisi bago tuluyang umalis.

Ang yabang!

2



“Sungit mo naman, Meggyphone,” bulong ni Viel sa mismong tainga niya dahilang upang magtindigan ang mga balahibo ng huli.

Mabilis niyang itinulak ang mukha nito palayo habang palihim na kinakalma ang sarili. Wala ba itong ideya na para siyang mababaliw sa tuwing nangungulit ito nang ganito? Kasi si Meg, hirap na hirap sa pagpipigil ng ngiti at pagtatago ng namumulang pisngi sa tuwing lumalapit ito nang higit sa kanyang inaasahan.

“Sasakalin na kita!” bulalas ng dalaga habang umaamba ng pananakal. Hindi pa rin kasi ito tumitigil sa pagtawag sa kanya ng ‘Meggyphone,’ ang nickname na ibinigay nito sa kanya kamakailan lang.

Nagsimula iyon nang maabutan ng binata sina Meg at Amethyst na sumisigaw sa loob ng classroom. Recess noon. Wala namang ibang tao dahil nagsibabaan sa canteen ang iba nilang kaklase

habang sila ay may baon. Nagpasya na lang silang manatili sa classroom.

Nang matapos kumain ay nagkatuwaan ang magkaibigan na kumanta at sa pagkadala ay napalakas ang boses. Hindi nila alam na nasa labas lamang pala si Viel at ang mga kaibigan nito.

“Bakit ba?” natatawa nitong salag sa kamay niyang ngayon ay nanghahampas na. “Bagay naman sa ‘yo ah? Ikaw si Meg at may megaphone ka sa lalamunan mo.”

Pinanlisikan niya ito ng mata ngunit hindi pa rin tumigil ang lalaki.

Sa pagdaan ng mga araw ay nadiskubre ni Meg na alaskador pala ito. Kahit iyong pamumula ng kanyang mga pisngi kapag magkausap sila ay hindi ito nagdadalawang-isip na gamitin para ipang-asar laban sa kanya.

“Saka ang sungit mo sa ‘kin, ah. Akala mo hindi ko napapansin na madaldal ka sa iba, pero bilang na bilang ang mga salita mo sa ‘kin?”

She mentally rolled her eyes. Talaga namang nagtaka pa ang unggoy, ah!

Naiinis siya rito dahil kung makaasta ay akala mo walang atraso sa kanya noong nakaraang taon, ngunit mas naiinis siya sa sarili. Sa kabila niyon, itanggi niya man, alam ng dalaga sa sarili na nakakaramdam pa rin siya ng mga paru-paro sa tiyan dahil kay Viel.

Mula nga noon ay iyon na ang naging tawag nito sa kanya: Meggyphone. Ayaw man niya ay wala siyang magagawa, masyadong mapang-asar ang lalaki at hindi siya nito tinitigilan. Habang mas nakikita nitong naiinis siya ay mas sumisige pa rin. Bakit niya ba ito nagustuhan?

She got used to it eventually though. Lalo na

noong may isa silang kaklase na tinawag rin siya nang ganoon

“Hoy,” paninita rito ni Viel. “Bakit nakiki-Meggyphone ka d’yan? Mag-isip ka ng iyo. Akin lang ang Meggyphone.”

At mula nang sandaling iyon, ang dating comy sa pandinig niya ay para bang naging pinaka-sweet na endearment dahil sa ginawa ng binata Pinamulahan din siya ng mga pisngi nang kumindat ito. Ayaw niyang mag-assume pero ang hirap pigilan lalo na kapag ganito ang kanyang kaklase.



“May lakad ka pagkatapos nito?” tanong ni Viel isang hapon matapos nilang diligan si Matti.

Ilang hapon na rin pagkatapos ng kanilang klase, dumederecho sila sa school garden upang diligan ang itinanim na kamatis na siyang project nila sa isang subject. Si Viel ang nagpangalan ng Matti rito. Anito, mas maganda at mas mabilis daw tutubo ang halaman kapag inaalagan, kinakausap, at itinatratong parang tao.

“Wala naman. Bakit?”

“Samahan mo ’ko.”

Itatanong pa sana ni Meg kung saan pero isinukbit na ni Viel ang bag at nagsimula nang maglakad.

Nagkibit-balikat na lamang ang dalaga at sumunod dito. At least, makakasama niya ito, di ba?

Tahimik silang bumalik sa kanilang building at umakyat. Nagulat pa si Meg nang huminto sila sa tapat ng library. Hindi niya akalain na mahilig palang magbasa ang lalaki. Buong akala niya, puro sports at kalokohan lamang ang pinagkakaabalahan ni Viel.

“Ano’ng ginagawa natin dito?” tanong niya pero hindi na siya nito sinagot.

Hinawakan siya nito sa pupulsuhan saka hinila papasok sa library.

Parang wala lang kay Viel ang ginawang paghawak na iyon, samantalang ang puso ni Meg ay hindi na magkaintindihan kung paanong tibok pa ang gagawin dahil sa sobrang bilis. Nandoon din iyong pakiramdam na parang may kumikiliti sa kanyang sikmura.

Bago pa sila tuluyang makapasok ay tinawag na ng librarian ang pangalan ni Viel sanhi para humarap sila rito. Binigyan ng una ng charming na ngiti ang matandang babae dahilan para lalo itong sumimangot.

“Hindi ba’t ban ka na rito?” anito habang matalim ang tingin sa kanyang kasama.

Napahawak na naman si Viel sa batok. Napapansin ni Meg na mannerism iyon ng lalaki kapag nasusukol ito.

“Eh, Ma’am, opo nga, pero may pag-aaralan kami ni Gonzalo rito.”

Bahagyang nanlaki ang kanyang mga mata. May pag-aaralan pala sila?

“Di ba?” baling nito sa kanya. Pinanlakihan siya nito ng mata.

Bumaling siya sa librarian at nakita niyang nagtaas ito ng kilay. Tumango na lamang siya para patotohanan ang sinabi ni Viel. Binigyan muna sila ng matandang babae ng babala bago pinapasok. Kapag maingay raw sila, pati si Meg maba-ban na rin doon.

“Ba’t ka na-ban rito?”

Nagkibit lamang ito ng balikat pagkatapos, mabilis ngunit maingat nitong inilabas ang textbook sa Mathematics pati notebook at ballpen.

“Ano pa’ng hinihintay mo? Pasko? Ilabas mo na’yung iyo.”

Punong-puno man ng pagtataka ay inilabas ni

Meg ang mga gamit.

“S’an ka ba nahihirapan?” anito matapos siyang tabihan.

“Wait, bakit? Itu-tutor mo ’ko?”

“Oo, bakit? Ayaw mo?”

Lalong naguluhan si Meg. Bakit naman siya nito tutulongan? Pero bukod doon, nahihiya rin siya. Makikita ng kaklase kung gaano siya kahina sa subject na iyon.

“Wag ka nang mahiya,” sabi nitong nakangisi ngunit hindi nakaligtas kay Meg ang concern sa boses ng lalaki.

“Bakit mo ginagawa ito?”

Muli, nagkibit-balikat lamang ang lalaki saka nag-umpisang magturo.

Sa paglipas ng mga araw ay pahirap nang pahirap ang lessons sa Math subject, pero pakiramdam ni Meg ay para sa kanya lang iyon. Siya lang naman ang bukod-tanging nangungulelat, eh. Magaling naman si Sir Carbilledo, naiintindihan ng dalaga kapag nagtuturo ito, ngunit kapag kailangang siya na lang ang magsasagot ay hindi niya maintindihan kung bakit laging mali iyon. Sinusunod niya naman ang formula.

“Miss Gonzalo, can we talk after this class?” sabi ng class adviser matapos maipamigay ang mga quiz papers.

Mabilis sumunod si Meg nang mag-dismiss si Sir Carbilledo para sa araw na iyon. Tinanong siya nito kung ano ang problema at kung bakit ganoon ang resulta ng quizzes niya. Matapat niya namang sinagot iyon. Nag-alok ito ng tulong at ikinatuwa niya iyon. Para talaga itong pangalawang tatay sa klase nila.

Gaya ng inaasahan sa sarili, nahirapan nga si Meg but Viel was very patient. Kahit ilang libong beses niya nang naitanong ang isang tanong ay matiyaga at

pasensyoso pa rin nitong sinasagot iyon.

Pasara na ang library nang matapos sila.

“Thank you ha,” tahimik at nahihiyang sabi ni Meg nang palabas na sila ng school. Ala seis na ng gabi pero heto at pauwi pa lamang sila. “Saka, sorry rin. Ang bobo ko.”

He stopped on his tracks and faced her.

“Hindi ka naman bobo. Mahina ka lang sa particular field na ’yon. Nakikita ko kaya ang scores mo sa Filipino at English subjects natin.”

Malalim na huminga si Meg at talaga namang um-effort sa pagpipigil na tumili. Nakaramdam siya ng pag-iinit ng mga pisngi sa sinabi ni Viel. Iba talaga kapag gusto mo ang tao, kahit maliit na papuri lang ay parang magka-cartwheel na ang puso mo sa saya.

Mayamaya ay narinig ni Meg ang pagtawa ng binata. Nang lingunin niya, nalaman niyang siya pala ang pinagtatawanan nito.

“Lawak ng ngiti, ah,” komento ni Viel habang umaalog pa ang mga balikat. “Kinilig ka?”

“Hindi, ah!”

Okay na sana, eh. Pero pinaalala ni Meg sa sarili na si Viel ito; ano man ang ipakita nitong kabaitan, makakahanap at makakahanap ito ng dahilan upang alaskahin siya.

“Ingat ka, baka lalo kang magka-crush sa ’kin n’yan,” dagdag pa nito.

Hinampas niya nga. Masyado nang late ang warning nito. Alam ni Meg na unang beses pa lang siya nitong tingnan sa mata ay mahihirapan na siyang umahon pa.

Kahit gaano pa kasakit ang sinabi nito sa kanya noon, hindi niya pa rin mapigil ang sariling magkagusto sa kaklase. Hindi talaga niya maintindihan ang sarili

pagdating sa lalaking ito.

Malutong ang halakhak ni Viel habang pabrutal naman nang pabrutal ang palo niya sa balikat nito. Natigil lamang iyon nang lumingon sila dahil sa boses na tumawag sa pangalan ng kasama.

Malaki at masaya ang ngiting isinalubong ng nagmamadaling si Debbie palapit kay Viel. Kitang-kita niya rin kung paano nagingning ang mga mata ng lalaki nang makita ang babae.

Who wouldn't like her, right? Kahit nga siya ay humahanga sa babae, eh. With just her radiant smile, sigurado si Meg na hindi lang si Viel kundi maging ang kalahati ng populasyon ng mga lalaki sa eskwelahan na iyon ang interesado kay Debbie.

Bakit nga naman hindi? Full package ito. Debbie is one beautiful, intelligent, talented, and rich young lady. Sino ang hindi magkakagusto rito? Sino ang hindi maghahabol? Sino ang hindi makakapansin?

Kaya hindi na rin siya nagtaka na nababaliw si Viel dito. Bagay na bagay ang dalawa. It was a match made in heaven.

Kahit naman malakas mang-asar ang binata ay gwapo at matalino ito. Athletic pa! Hindi man sobrang yaman gaya ng nagkalat na chismis na hindi alam ni Meg kung saan nanggaling, siguradong hindi iyon magiging problema. She was sure that Viel could make his own fortune someday.

Samantalang si Meg? Ano ba siya? Kung isasama siya sa maraming tao ay hindi siya mapapansin.

Meg never really considered herself as beautiful, kahit alam niyang hindi rin siya pangit. Wala siyang talent maliban sa pagsusulat ng mga kwentong hindi niya alam kung magugustuhan ng mga mambabasa. Kung may talino man siya, minsan kulang pa rin iyon.

Hindi rin siya galing sa buena familia.

And even though she only categorized herself as an 'okay' girl, hindi man siya nagsa-stand out, she was always sure of herself.

Why would Viel like someone like her? Why would Viel choose someone like her?

Malungkot na ngumiti na lamang siya at gumilid sa isang tabi habang tinitingnan ang dalawang masayang nag-uusap.

Iba pala iyong mismong nakikita na ng mga mata niya na may ibang gusto si Viel, ano? Kapag kasi nanggagaling lang sa ibang kaklase nila, pwedeng hindi siya maniwala. Pwede pa siyang makasilip ng katiting na pag-asa na hindi totoo iyon.

Pero iyong ganitong nasa mismong harapan niya na ang ebidensya? Iba pa rin. Mas masakit pa rin talaga.

3



Dahan-dahan ang ginawa ni Meg na paglalagay ng gamit, pati ang pag-upo sa silya nang umagang iyon. Sigurado rin siyang sobrang weird ng paninitig niya kay Viel na weird din dahil ang aga nito ngayon.

Bukod doon, nagtataka rin siya kung bakit mukhang handang-handa itong manggulpi habang pinapaikot-ikot sa kamay ang hawak na cellphone. Kunot na kunot ang noo ng lalaki at mukhang nagkikiskisan na ang mga ngipin sa tindi ng pagkakatiim ng panga.

“You look stupid,” asik nito nang mahuli siyang nakatingin pero agad niya ring iniwas ang mga mata.

“Wow, ha? Weird ka naman. Unggoy ’to. Makaalis na nga,” pikon na sabi niya bago mabilis na nagmartsa paalis.

Malapit na sana siya sa pinto nang marinig niyang tinawag siya ni Viel. Hindi niya sana lilingunin ngunit narinig niya ang helplessness sa boses nito.

Nakasimangot na bumalik siya at tumayo sa harapan ng lalaki. Pinagkrus niya pa ang mga braso para ipakitang naiinis talaga siya sa sinabi nito.

Ready na sana siyang mag-monologue tungkol sa pagkairita dito kung hindi lang—

“Di ba kung gusto mo ako, ako lang dapat? At magiging eager ka ring kausapin ako gaya ng kung gaano ako ka-eager na kausapin ka, di ba?”

Sa loob ng ilang sandali ay walang naisagot si Meg. Ano ba ito? Nagtatapat na ba ito ng pag-ibig sa kanya? Sus, hindi naman siya prepared!

Ibubuka niya na sana ang bibig ngunit inunahan na naman siya nitong magsalita. Mabuti na lang.

“I just don’t get Debbie, you know,” anito na para bang hirap na hirap.

At kahit masakit sa tainga at puso dahil parang alam niya na kung ano ang kahihinatnan ng usapan na iyon ay tinabihan niya pa rin ito para mas makapag-usap sila nang maayos.

Matapos niya kasing makita kahapon kung gaano kasaya si Viel na kausap si Debbie ay na-realize niyang hindi problema kung hindi siya ang gusto ng lalaki, kahit may kaunting kirot ang katotohanan na iyon. Magiging problema lang iyon kung gugustuhin niyang magustuhan rin siya ng binata.

Oo, wala namang masama kung gustuhin ng isang tao na magustuhan rin siya pabalik ng taong espesyal para sa kanya, pero magiging masama iyon kung ipipilit. Lalo na kung hindi talaga ganoon ang nararamdaman niyong isa.

Kaya naman sinabi ni Meg sa sarili na makukuntento na lamang siya na nakakasama at nakakausap niya ito.

Bata pa naman siya, alam niyang marami pa

siyang makikilala paglaon.

Saka simula naman ay inspirasyon niya lamang ito, hindi ba? Pwede niya pa rin namang maging inspirasyon si Viel kahit ganito lamang sila.

“Sasabihin niyang gusto niya ’ko,” patuloy ni Viel. “Pero nag-e-entertain siya ng iba. Yes, I get it, hindi pa kami kaya may freedom pa siya na pumili at hindi ko naman tinatanggal sa kanya ’yon. Pero akala ko, may pagkakaintindihan na kami dahil sinabi niya ngang gusto niya rin ako. I guess, I expected too much.”

Huminga siya nang malalim bago inalok ng tubig si Viel mula sa kanyang water jug.

“I’m not joking here, Meggy,” naiirita nitong singhal.

Tinaasan niya ito ng kilay. Nagmamagandang-loob na nga siya, natarayan pa. “Mukha rin ba ’kong nagjo-joke? Uminom ka para kumalma ka.”

Nakinig naman ito at sumunod. Napangalahati pa nga ang tubig niya.

“Ehhh,” mahaba at nag-aalangan niyang intro. Ayaw niya namang siraan si Debbie kahit na may reputasyon na talaga ito na hindi maganda. Hindi niya rin naman ito personal na kilala kaya mahirap din kung maniniwala siya sa sabi-sabi.

“Baka naman may reason siya? Alam mo ’yun... baka para sa kanya dapat may *the best man win* ang mangyayari sa inyo ng mga karibal mo. ’Wag mo na lang dibdibin ’yon,” kaswal niya pang tinapik-tapik ang likod ng kausap.

Comfort lang.

“Be the best man for her na lang, makikita niya rin ang efforts mo,” pagpapatuloy niya pa.

Nginitian at binigyan niya pa ito ng okay sign kahit medyo—medyo lang naman, may kirot iyon sa

puso niya.



Mula noon ay mas naramdaman niyang naging mas komportable sa kanya si Viel. Naging mas malapit rin sila sa isa't isa.

Nandoon pa rin iyong pang-aasar at pagtawag nito sa kanya ng Meggyphone, pati na rin ang daily routine nilang pagdidilig kay Matti, at ang libreng pagtu-tutor nito sa kanya sa Math subject, sinisigurado naman ni Meg na bantay-sarado ang kanyang puso.

Ang sarap-sarap sanang mag-assume dahil sa mga ipinapakita nitong kabutihan, pero lagi pa rin siyang nasasampal ng katotohanan na kay Debbie na ito. Kahit pa lagi silang maraming issues, sa kislap pa lamang ng mga mata nito ay alam niya nang ito lamang ang nakikita ni Viel.

“Ayos lang ’yan,” sabi ni Amiel na tinatapik-tapik pa ang kanyang likod matapos ibaba sa mesa ang pagkaing inilibre nito. “Sa ’yo pa rin naman ang boto ko sa pinsan ko.”

Inirapan niya ito saka tinantanan ang pasimpleng paninitig sa table kung saan kumakain ng lunch na sina Debbie at Viel.

“Hindi mo pa rin makukuha ang boto ko kay Amethyst,” pang-aalaska niya. “At kahit naman makuha mo, babastedin ka pa rin n’un.”

Nagtawanan silang magkaibigan at nag-high five pa. Ramdam niya na kahit paano ay interesado rin ang kaibigan dito, pero masarap asarin ang lalaki.

“Sus,” ingos nito. “Pasasaan ba’t mapapasagot ko rin ’yang kaibigan mo.”

“Eww,” sabi ni Amethyst kahit malaki naman ang ngiti.

Mayamaya lang ay sa mesa na rin nila nakaupo

ang iba pang kaibigan ni Viel, mapababae man o lalaki. Naging malapit na rin ang mga ito sa kanila lalo na nang magsimula nang pumorma si Amiel kay Amethyst.

Naging mas maingay at mas masaya tuloy ang sumunod nilang mga araw.

Hindi kasi talaga mahilig si Meg sa maraming tao at kuntento na rin naman si Amethyst na silang dalawa lang. Pero natutuwa rin sila dahil sa mga bagong kasama.

Hindi na rin sila nahihirapang makisali sa ibang grupo kapag may group activity dahil automatic na silang ibinibilang ng mga ito. Gaya ngayon, nag-assign ang class president ng gawain para sa bawat grupo.

Napagkasunduan kasi ng buong klase na bigyan ng surprise mini-birthday party ang kanilang class adviser kaya hinahati na ng presidente ang trabaho. Mayroong mag-aasikaso ng pagkain, may nakatoka para sa program, at ang grupo nina Meg ang sa pamimili at paggawa ng designs.

Lahat ng gastusin ay mula sa ambagan nilang magkakaklase, hindi naman required pero para sa itinituring nilang pangalawang ama ay walang nagreklamo.

Sabado napagkasunduan ng buong grupo na bilhin ang mga supplies para sa designs. Sa pinakamalapit na SM na lamang nila iyon binili at sa bahay na lamang ni Viel ginawa ang mga designs dahil masarap daw magluto ang nanay nito at marami pang pagkain.

Excited ang lahat pumunta sa bahay nina Viel, ngunit kinakabahan si Meg.

Sino ba naman ang hindi kakabahan kapag ang mga ito ang kasama mo? Sana lang talaga ay tumigil

sa pang-aasar ang mga ito lalo na kapag kaharap na nila ang mga magulang ng lalaki. Nakakahiya iyon.

Pagkapamilya, mabilis silang nakarating sa bahay lalo na at sakay sila ng van service ni Amiel. Ibinaba sila sa may eskinita dahil hindi na kakasya roon papasok ang sasakyan.

Bago marating ang dalawang palapag na bahay ng kaklase ay madadaan ang talyer na pagmamay-ari ng ama nito. Binati si Viel ng ilang nagtatrabaho doon.

“Oy, nagmerienda na kayo?” tanong ng binata sa mga ito na para bang tropa niya lang.

“Oo, nagdala na si Madame dito,” sagot ng isa saka siya pinasadahan ng tingin, parang nangingilala. “Bagong babae na naman ’yang dala mo, ah. Baka kasing-arte ’yan n’ung una.”

“Hoy! Daldal mo!” paninita ng isa.

Nang tingnan ni Meg ang kaklase, pumakla ang ngiti nito saka bahagyang nahiya sa pagsagot.

“Pagpasensyahan n’yo na ’yon. Sosyal, eh,” sabi nito.

“Wala ’yon, Viel. Wag mong pansinin ang isang ’to.”

Nag-usap pa sila saglit saka nagpaalamanan. Ngumiti na lang si Meg sa kanila.

Hindi niya maipaliwanag ngunit parang mas lalo siyang humanga kay Viel sa mga sandaling iyon—gaya ng kung paanong mas nahuhulog ang loob niya rito sa bawat araw na mas nakikilala niya ito.

Taliwas man ito doon sa lalaking inaakala at nagustuhan ni Meg noong una, iyong mysteryosong isnabero, mga katangian kung bakit kilig na kilig siya noon. Siyempre di ba, ang sarap pagpantasyahan ng lalaking ganoon tapos ikaw lang ang bukod tangi sa lahat ng babae na mapapansin?

Pero hindi niya akalain na mas gusto niya pala itong lalaking nakikilala niya ngayon—iyong alaskador,

makulit, at kayang-kayang makihalubilo sa kahit na sino.

“O, s’an kayo galing, Viel?” tanong ng isang magandang babae na mayroong maluwang na ngiti. Nakasuot ito ng pink apron habang nagdudulot ng cupcakes sa hapag.

Mabilis namang nag-react ang tiyan ni Meg sa nakita. Kung alam niya lang na may pa-cupcake pala doon, kanina pa sana siya nagmadaling pumunta sa bahay na iyon.

“D’yan lang po, Ma. Si Papa po?” sagot dito ni Viel saka nagmano.

Hindi na napansin pa ni Meg kung sumagot pa ba ang nanay ni Viel dahil sinusundan na ng tingin niya ang cupcakes. Medyo kabado siya kasi malakas kumain si Amiel.

“Hoy, kinakausap ka ng mama ko,” untag ni Viel na nagpabalik sa kanya sa wisyo.

“Ay, sorry, ano ba! Ay, good afternoon po, Tita. Pwede po bang makahingi ng cupcake?”

Natawa ang ginang pagkatapos ay sinabihan na silang maupo at kumain na. Mabilis namang sumunod si Meg at kumuha na ng plato saka naglagay ng pagkain at hindi niya kinalimutan ang unang tatlong cupcake.

Tinabihan siya ni Viel na nagsimula na ring kumain. Naging masaya ang kwentuhan dahil panay madadaldal din ang mga kaibigan ng katabi niya at makwento rin ang nanay nito. Parang hindi rin nauubos ang pagkain sa bahay na iyon, nakakaamoy pa siya ng nilulutong ulam at bine-bake sa bandang kusina. Parang may fiesta.

Nang malingunan niya si Viel ay naaalih itong nakasunod ng tingin sa sunud-sunod niyang

pagpupuslit at pagkain ng cupcakes na nasa plato.

“Bakit?”

Ngumisi ito na para bang tuwang-tuwa pero nakikita iyon ni Meg bilang pang-aasar.

“Masarap?”

Inirapan niya nga. Sabi na nga, nang-aasar lang ito. “Di ba, obvious? Kanina pa ’ko kumukuha, di ba?”

“Seryoso, masarap? Tipong wala kang pakialam kung masira ang diet mo?”

Napakunot na ang noo ng dalaga. Ano ang problema nito? “Mukha ba ’kong nagda-diet? At mukha bang ako iyong tipo na ipagpapalit ang chocolate sa diet? Problema mo?”

Umiling ito na mayroong maliit na ngiti sa mga labi. Kinurot din nito ang kanyang pisngi.

“Wag kang ganyan, please.”



Naging maayos at masaya ang ginawang surprise mini-birthday party ng buong klase para kay Sir Carbilledo. Medyo na-teary-eyed pa ang guro pero as usual, idinaan na lamang nito sa biro iyon.

Nahhirapan pa rin si Meg kapag Mathematics ang pinag-uusapan ngunit hindi naman siya pinapabayaang ni Viel. Minsan ay nahihiya na rin siyang magpaturo sa lalaki dahil pakiramdam niya ay naiistorbo niya ito, pero ito pa ang nag-iinsist na tulungan siya.

Nag-aalala rin siya para sa relasyon nito kay Debbie. Ayaw niya namang pagselosan siya ng babae dahil lagi silang magkasama ni Viel. Nahihiya pa nga si Meg sa sarili tuwing iisipin na baka pagselosan siya nito dahil sino ba naman siya, di ba? Pero iba pa rin iyong may ibang kasama ang lalaking gusto mo. Ayaw lang niyang dumating sa punto na siya ang maging dahilan ng pag-aaway ng dalawa.

Pero sa tingin ni Meg ay okay naman ang mga

ito. May mga pagkakataon pa ring nakikita niya ang dalawa na magkasama ngunit minsan ay nakikita niya rin si Debbie na ibang lalaki naman ang kasama. Hindi niya na lang pinansin dahil ayaw niyang mag-isip ng masama. Malay niya ba kung kaibigan lang pala iyon ng babae.

“Baby, ano’ng nangyayari sa inyo?” sabi ni Viel habang kinakausap ang tanim nilang halaman. Bakas doon ang genuine na pag-aalala.

Kabababa lamang nila para sa regular na pagdidilig kay Matti. Nilapitan niya ang lalaki saka tumalungko sa tabi nito. Parehas na silang nakaharap sa halaman.

“Ano’ng nangyari?” tanong niya rin.

Pabiro siya nitong pinanlisikan ng mata. “Ikaw kasi, hindi mo kinakausap itong mga baby natin. Tingnan mo tuloy, medyo pumapangit na ’yung ibang parts.”

“Baliw ’to,” ang tanging nasagot ni Meg saka ito iniwan para magsalok ng tubig na pandilig.

“Hoy, mommy! Alagaan mo itong mga baby natin!”

Hindi niya ito pinansin bagkus ay ipinagpatuloy ang ginagawa. Mommy daw? Minsan talaga pakiramdam niya pa-fall ang unggoy na ito, eh.

Nang matapos ay sinalubong siya ni Viel upang kuhanin ang maliit na timba ng tubig at ito na ang nagdilig.

“Ang sungit naman nito,” komento nito. “Kailangan lang namang ma-feel ni Matti ’yung genuine love para tumubo siya nang maayos. Ganoon ang s’abi ng mama ko, eh. Saka gusto mo bang malagot tayo kay Ma’am Cuesta?”

Gusto niyang ipaikot ang mga mata. Mas gusto niyang bigyan ng genuine love ang binata kaysa sa halaman.

“Oo na, oo na. Tapusin na natin ‘to.”

Nang matapos, sandali silang nagpahinga bago pumunta muli ng library. Hindi na lang para sa Mathematics subject kundi para na rin magtulungan sa ibang subject gaya ng ginagawa nila nang mga nakaraang araw dahil papalapit na ang periodical exams.

Kanina pa naiirita si Meg habang sinusubukang sagutan ang isang exercise sa Physics na kanina pa natapos ni Viel.

Nang hindi niya na kinaya ay naisip niyang magtanong na sa lalaki.

Akala niya ay busy ito sa pagbabasa ng *El Filibusterismo* dahil ito ang nag-volunteer na gagawa ng reviewer nila para roon, ngunit gaya nitong mga nakaraang araw ay naabutan niya na naman itong nakakunot ang noo at nakapangalumbaba habang pinagmamasdan siya.

Medyo napaatras si Meg sa paraan ng pagtitig ng lalaki. Para bang sobrang hirap ng bagay na ina-analyze nito habang nakatingin nang derecho sa mga mata niya.

Tumikhim siya ngunit hindi man lang ito natinag. Pumitik na siya sa ere ngunit parang nairita pa ang kaklase.

“Ano’ng problema mo?” asik nito.

“Wow, ah. Sino ba’ng naninitig d’yan? Ikaw, ano’ng problema mo?”

“May iniisip ako.”

“Parang ang seryoso n’yan, ah...”

Huminga ito nang malalim habang tagos-kaluluwa pa rin ang tingin na ibinibigay sa kanya.

“Seryoso na nga yata ako.”

Wala namang espesyal sa mga sinabi ng lalaki,

pero walang ideya si Meg kung bakit ganoon na lang ang naging pagpintig ng kanyang puso. Pakiramdam niya ay mayroong deklarasyon at pangako sa likod ng mga salitang iyon. Ngunit iwinaglit niya iyon sa kanyang isipan. Impossible. Imposibleng-imposible.



Mabilis ding dumaan ang mga exams pati na ang first and second grading period.

Sa awa ng Diyos ay nakapasa naman si Meg sa Mathematics subject niya. Laking pasasalamat niya talaga sa walang sawang pagtuturo ni Viel, na para ngang mas masaya pa sa kanya nang lumabas ang resulta ng exams nila. Sa bagay, ang hirap kaya niyang turuan.

Naikuwento na nga ni Meg sa kanyang ina ang tungkol sa pagtu-tutor ni Viel at sinabihan na siyang bayaran ang lalaki, ngunit tumanggi ang huli. Mas lalo yatang nahulog ang loob niya, loko-loko man ang lalaki ay talagang matulungin ito at hindi humihingi ng kapalit.

Bago matapos ang second grading period ay nakiisa sila sa intramurals. Tatlong araw lang iyon at maglalaban-laban ang mga estudyante mula first hanggang fourth year sa iba't ibang uri ng sports. Mayroon ding cheerdance competition na hindi na sinalihan ni Meg dahil ayaw niyang matalo sila.

At dahil isa naman siya sa mga writers ng school newspaper, napag-utusan siyang magmatyag sa mga kaganapan sa school para maisulat. Kadalasan ay naglalaboy siya sa school grounds o di kaya ay nanonood ng practice ng cheerdance o ng laban nina Viel.

“Uy, thank you!” bulalas niya nang abutan siya ng binata ng plasticware na may lamang chocolate cake.

Mula nang pumunta sila sa bahay nito at nakita ng nanay ng kaklase kung gaano siya kagana sa cupcake ay hindi lilipas ang dalawang linggo na hindi siya pinadadalhan ng ginang ng kung anu-anong baked goodies. Nahihiya na nga siya pero sobrang sarap kasi kaya nagte-thank you na lang siya at hindi na masyadong pinapansin ang hiya.

Ikalawang araw na ng intrams at mamayang hapon pa ang laban ng year level nila sa mga third year high school students. Wala ang iba nilang kaibigan dahil sa practice. Iyong iba naman abala sa paggagala, kaya naman silang dalawa lamang ni Viel ang sabay na nagla-lunch.

Abala ang lalaki sa pagkukwento kung paano daw lalampasuhin ng team nila ang mga bata, samantalang abala si Meg sa pangongontra dito. Minsan kasi, ang kayabangan ng lalaki ay mas matangkad pa rito kaya gusto niyang binabara ito.

Ngunit walang duda, alam ng dalaga na matatalo nina Viel ang mga kalaban mamaya, pero mas gwapo pa ring tingnan kapag humble, di ba?

Sa sobrang pagdadaldalan nila ay hindi nila namalayang may isang marshal na pala ang nakalapit sa kanila. Pinosasan sila nito.

“Hoy!” sita ni Viel.

“Bayad na po kayo, ate, kuya. Puwede na po kayong magpakasal.”

“Ano?!” natatarantang sigaw ni Meg saka lumingon sa paligid.

At hayun! Sa di-kalayuan ay natanaw niya ang marriage booth at naroon ang mga kaibigan nilang naghahalakhakan habang kumakaway at pumapalampak pa.

“Oy! Tangalin mo ’to,” medyo madiin at may

halong panic na utos ni Meg sa marshal na mas bata sa kanila.

Hindi naman siya galit ngunit nahihiya siya kay Viel at naiinis sa mga kaibigan nila. Sila na naman kasi ang napagtripan. Okay lang iyong inaasar sila kapag sila-sila lang, pero kapag iyong ganitong may ibang tao, hindi na nakakatuwa.

Iniiisip niya lang naman si Debbie. Paano kung makita nito o kaya may makapagsabi sa babae? Kahit naman kunwarian lang ito, kung siya ang nasa pwesto nito, magseselos siya.

Higit sa lahat, ayaw niyang magkaproblema si Viel sa babae nang dahil sa kanya.

Oo, hanggang ngayon ay gusto niya pa rin ang lalaki at mukhang tumitindi ang feelings niya sa bawat araw, pero hindi ibig sabihin ay magiging ayos lang sa kanya na siya ang pagmulan ng mga di-pagkakaintindihan ng pareha.

“Tara?” dinig niyang pag-aaya ni Viel na nakatayo na pala at naghihintay sa kanya.

“Sigurado ka?”

Ginulo nito ang buhok niya saka siya nginitian. Inilahad din nito ang kamay sa kanya.

“Wag ka nang mag-isip nang kung anu-ano, kunin mo na ang kamay ko.”

Unconsciously ay nakagat ni Meg ang ibabang labi habang salitan ang tingin sa mga mata nitong tila ba nangungusap at derechong nakatingin sa kanya at sa kamay nitong di pa rin natitinag sa pagkakalahad sa kanya. Huminga siya nang malalim na tila ba nag-iipon ng lakas ng loob bago iyon tuluyang inabot.

At sa unang pagkakataon na maglapat at magsalikop ang mga kamay nila, para bang sa wakas, nahanap na nila kung saan ang tamang lugar nila sa

mundong ito.

Nginitian siya ni Viel na para bang sinasabing ayos lang ang lahat at wala siyang dapat na alalahanin.

“Aray!” daing nito nang makarating sila sa marriage booth at tinangka niyang manggulpi ng kaibigan. Saglit na nawala sa isip niya na magkadugtong pala sila at nahihila niya ito.

“Aray naman, mommy. Ikakasal pa lang tayo namimisikal ka na.”

Ito naman ang hinarap niya. “Isa ka pa! Ikaw siguro ang may pakana nito ’no!”

“Wow, ah? Mukha bang pagkakagastusan kita?”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga saka ito naman ang pinagpapalo. Walang modong unggoy!

Natigil lamang ang pananakit niya sa binata nang patigilin sila ng boses, at nang lingunin niya ay isa palang batchmate nila ang kunwaring nakasuot ng damit ng pari.

“Mga anak, itigil n’yo na ang kalandian at magsisimula na ang kasal.”

Lahat ng naroon ay nagtawanan maliban kay Meg. Ano ba ang nakakatawa? Nahihiya kaya siya!

Nang pumasok na sila sa booth ay kinalas na ng isang marshal ang posas na nagdurugtong sa kanila at hinila si Viel papunta sa harapan kung saan naka-set up ang mini-stage na siyang magsisilbing altar. Punong-puno iyon ng designs na pulos hugis-puso at hugis-bulaklak. Gawa iyon sa mga ginupit na makukulay na papel.

Mayamaya lang ay sinuotan na si Meg ng isang maliit na belo. Binigyan rin siya ng isang palumpon ng mga puting rosas bago naunang magmartsa ang mga kaibigan papuntang harapan na aakalaing totoong entourage.

Pumailanlang din ang isang kanta habang nagsisimula ang lahat.

Nang oras na para siya naman ang maglakad ay napako lamang ang mga mata niya kay Viel na nakatitig din pala sa kanya. Seryosong-seryoso ito habang nakasuot ng coat na ipinasuot lang din dito. Ang mga titig nito ay tumatagos sa kanyang puso at sigurado si Meg na kahit ilang taon na ang lumipas maaalala niya pa rin iyon.

Maluwag ang naging ngiti ng binata nang tumigil siya sa harapan nito. Inangkla nito ang braso sa kanya upang makapitan niya saka sabay silang nagtungo sa harap ng *pari* na *magkakasal* sa kanila.

Naging mabilis at puno man ng tawanan ang seremonya, hindi maitatangi ni Meg sa sarili na labis-labis ang sayang nararamdaman niya nang oras na iyon.

At least, kahit sandali, kahit kunwari lang, pwede niyang isipin na sila ang para sa isa't isa.

“Now, say your vows,” sabi ng *pari* kaya humarap silang dalawa sa isa't isa.

Kinuha ni Viel ang kamay niya at sinigurong dito lang nakatutok ang mga mata ng dalaga. Sinigurado nitong walang ibang umaagaw sa atensyon niya—hindi ang kinikilig at nanunukso nilang mga kaibigan, hindi ang ingay sa labas ng booth—bago nito dahan-dahang isinuot ang mumurahin at laruang singsing sa daliri ni Meg.

Akala niya, wala nang mas bibilis pa sa tibok ng kanyang puso nang isuot ni Viel ang singsing sa kanya ngunit nagkamali siya. Parang sasabog na yata ang dibdib niya nang imbis na mag-recite ito ng vow ay kinanta nito ang isang verse sa kantang pinatugtog kanina.

“If you feel lost... Let me remind you that my love shines and I will always find you...” kanta nito habang hawak pa rin ang kamay niya at magkahinang pa rin ang kanilang mga mata. Punong-puno ng sinseridad ang mga titig nito na tila ba ipinapangako niyon ang bawat letra sa awiting iyon. *“Have no fear, love is here... Love is true, love is me, love is you...”*

Tinapos nito iyon sa isang masuyong paghalik sa kamay ni Margarita.

5



Hanggang sa makalabas ng marriage booth ay panay pa rin ang pang-aasar ng buong grupo kina Viel at Meg. Maging ang binata ay nakikisakay sa mga ito. Samantalang ang kaninang hiya at pagkailang na nararamdaman ni Meg ay napalitan ng kilig at tuwa.

Ngayon lang naman, katwiran niya sa sarili.

At dahil mukhang hindi lang siya ang masaya nang mga sandaling iyon, napilit ng mga kaibigan nila na manlibre si Viel. Ayon sa mga ito, sila na nga ang gumastos sa kasal kaya dapat ang groom naman ang bahala sa reception.

“Masaya ka?” bulong sa kanya ng kaibigang si Amethyst.

Mabilis silang nakabalik sa canteen at nakahanap ng mauupuan. Silang mga babae ang naghihintay sa mga lalaking bumibili.

“Kunwari ka pang ayaw mo kanina ha,” tudyoy ni Jang Mi, isang half-Filipino, half-Korean na naging

barkada na rin nila.

Ngumuso na lamang si Meg sa pagpipigil ng ngiti. Ayaw niyang mas magkaroon ng dahilan ang mga ito upang tuksuhin siya.

“Ayaw ko naman talaga n’ung una eh. Nahihiya ako, eh. Saka iniisip ko si Debbie.”

Umirap ito saka sumagitsit. “Sus! ‘Wag mo nang isipin ‘yon, di nga n’un iniisip si Viel!”

Nakuha niyon ang atensyon nina Meg at Amethyst, sapat upang dumerecho ng upo ang dalawa. At para mas marinig pa nila ang nagbabagang chika ay mas nag-lean sila kay Jang Mi.

“Serious?” paglilinaw ni Amethyst. “Di na sila ni Viel?”

Muling umirap ang dalaga. “Di naman naging sila.”

May itatanong pa sana si Amethyst ngunit nakita nilang nakabalik na ang mga lalaki kaya huminto na ang kaibigan. Nagkanya-kanya na ng pwesto sa pag-upo ang mga bagong dating. Dumerecho sa tabi niya si Viel at dinulutan siya ng pagkain. Sangkaterbang fries, burgers, at softdrinks ang binili ng mga ito.

“Sweet naman!” bati sa kanila ni Amiel.

“Siyempre,” ani Viel habang pinagbubukas siya ng burger. “Dapat ipaghanda muna ni daddy si mommy.”

Nagtaas ng kilay si Jang Mi habang ngising-aso naman si Amethyst.

“Mommy agad,” ani Jang Mi. “Kahit katatapos lang ng kasal?”

Mayabang na ngumisi si Viel bago sumagot. “Di n’yo lang alam pero matagal nang namumunga ang pagmamahalan namin.”

Mabilis at paulit-ulit na hinampas ito ni Meg sa braso habang nagtatawanan ang mga lalaki at nagtilian ang mga babae. Wala na silang pakialam

kung pinagtinginan man sila ng ibang estudyante roon dahil sa ingay nila.

“Kung anu-ano’ng sinasabi mo!” sita niya sa lalaki.

Tumatawa lang naman si Viel na para bang aliw na aliw. Kinurot pa siya sa pisngi. “Ano ba’ng iniisip n’yo?” sabi nito; umaalog pa rin ang mga balikat nito at malaki pa rin ang ngisi. “Si Matti kasi’ng tinutukoy ko. Baby namin ’yun!”

“Who the f*ck’s Matti?” tanong ni Sean, ang pinakatahimik sa grupo pero kapag magsasalita, gaya ngayon, hindi pwedeng mawawalan ng mura sa isang sentence.

“Yung project namin kay Ma’am Cuesta,” maagap na sagot ni Meg. Ayaw niya nang bigyan ng pagkakataon na sumagot na naman ng kung anong kalokohan si Viel.



Hanggang bago magsimula ang basketball game sa pagitan ng mga seniors at juniors ay sila ang magkakasama. At para kay Meg, isa ito sa pinakamasasayang araw sa buong high school life niya.

Hindi lang iyon dahil sa marriage booth at good company ng mga kaibigan, kundi dahil halos buong maghapon na sila ni Viel ang magkadikit. Laging sila ang magkatabi kapag nakaupo sila para kumain o di kaya ay tumatambay lang, at sila pa rin ang magkasabay maglakad habang naglilibot.

Hindi akalain ni Meg na darating ang araw na ito. Para sa babaeng lagi lang nakatingin mula sa malayo sa lalaking hinahangaan, malaking bagay iyon. Na nakakausap at nakakasama niya ito. Na nagiging malapit sila sa isa’t isa.

Naging malakas at magulo ngunit masaya ang

pagchi-cheer nila hindi lang kay Viel kundi maging kina Amiel at Sean, pati na rin sa ibang seniors na naglalaro para sa basketball team nila. Halos mapaos sila sa kasisigaw pero hindi nila alintana iyon. Isa pa, ganoon din naman ang ginagawa ng supporters ng juniors. Para bang pati sa pagchi-cheer ay nagpapaligsahan sila.

Pabiro pa silang lumayo sa mga lalaki nang matapos ang game at manalo ang mga ito. Umamba kasing yayakap kahit pawisan pa, ngunit sa huli ay nag-group hug na rin sila.

“Congrats!” bati ni Meg kay Viel sabay abot dito ng face towel. Sa kanya kasi inihabilin ng binata ang mga gamit nito kanina bago mag-umpisa ang laro.

“Galing ko ’no? Kita mo, ako ang nagpanalo?”

“Yabang!”

Tumawa ang lalaki at kinurot siya sa ilong. “Sobrang cute mo talaga. Uuwi ka na ba? Puwede bang mag-usap tayo mamaya? Ihahatid naman kita sa inyo.”

Ibubuka na sana ni Meg ang bibig para sumagot, ngunit bago iyon ay sabay silang napalingon ni Viel sa gitna ng basketball court, gaya ng iba pang mga taong nandoon.

Nalingunan nila si Debbie. May hawak itong mic habang parang anghel na umaawit palapit sa kanila ni Viel. Sa bawat hakbang nito ay mas tumitindi ang kabog ng dibdib ni Meg.

Parang pisikal na sumakit din ang kanyang dibdib sa takot at pangamba nang maglahad ito ng kamay kay Viel nang nakatayo na ito sa harapan nila. Tiningala nito ang lalaki saka siya naman ang binalingan. At nang makita niya ang pagkalito sa mga mata ng kaklase, sinikap ni Meg na tumango at ngumiti.

Kumunot ang noo ng binata nang humakbang siya nang isa paatras, at isa pa... at isa pa. Saka niya itinaas ang kamay upang bigyan ito ng okay sign. Sumenyas si Meg kay Viel na sige na, tanggapin niya na ang kamay ni Debbie.

Patuloy pa rin sa pagkanta ang huli hanggang sa makita niyang hinawakan nito ang mukha ni Viel upang ibaling ang atensyon ng lalaki sa direksyon nito. Doon na siya tumalikod at nagsimulang humakbang paalis, pero hindi pa rin pala sapat iyon. Narinig niya pa rin ang matagal niya nang kinatatakutan.

“After so many months of thinking, and testing you, Viel,” sabi ni Debbie habang nakatapat pa rin sa bibig ang hawak na mic na para bang sinadya nito na iparinig iyon sa buong campus, “napatunayan ko na ikaw pala ang pinakagusto ko sa lahat ng mga admirers ko. I’m finally saying yes, Viel. I’m now officially your girlfriend.”

Hindi lang boses ni Debbie ang rinig na rinig ni Meg nang mga sandaling iyon, kundi maging ang boses ng mga taong naghihiyawan na tila ba inaaprubahan at ipinagdidiwang ang nangyari nang mga sandaling iyon.

It was a match made in heaven.



Hindi na pumasok si Meg sa huling araw ng intrams. Kung may hiya man siyang nararamdaman dahil sa nangyari nang nakaraang hapon, lahat iyon para sa sarili niya. Nahihiya ang dalaga dahil umasa siya. Umasa siya na baka iyong mga ipinakita ni Viel ay may ibig sabihin.

Kahit naman idinikdik niya na sa utak na wala lang iyon, may maliit na puwang sa puso niya na umaasa na masuklian din ang kanyang nararamdaman.

Sino ba naman ang hindi aasa kahit paano sa mga pinaparamdam sa kanya ng lalaki, di ba?

Pero kahit kailan naman wala itong sinabi tungkol doon, kaya hiyang-hiya siya. Masyado siyang naniwala sa alam niyang imposible.

At masakit.

Masakit ang katotohanan na pagmamay-ari na talaga si Viel ng iba. Kung umasa man siya noon, iyon ay dahil inakala niyang walang namamagitan dito at kay Debbie. Pero ngayon, meron na. At kailangan niya na talagang gumising sa katotohanan.

Naging mabilis ang humigit-kumulang dalawang linggong bakasyon bago magsimula ang third grading period. Sa loob ng mga araw na iyon, panay ang pagme-message sa kanya, hindi lang ni Amethyst kundi maging nina Jang Mi at Amiel. Nagtatanong ang mga ito kung ayos lang ba siya ngunit nagdahilan na lang siya na tinatapos niya pa ang article para sa school newspaper kaya hindi muna siya makikipag-usap sa mga ito.

Totoo naman ang dahilan niya pero ilang araw niya lang bang gagawin iyon? Kaya para ma-divert ang attention niya at para may alibi, nagsimula na siya sa pagsusulat ng nobela.

Bata pa man ay pangarap niya na ang maging manunulat pero naubos ng pagbabasa ang oras niya, ngunit ngayon, pakiramdam ni Meg ay oras na para simulang tuparin ang pangarap niyang iyon.

Kung hindi mapapasakanya ang lalaking pinapangarap, sisiguraduhin ng dalaga na magiging matagumpay siya sa pangarap niya para sa sarili.

Nang unang araw ng pasukan matapos ang maikling bakasyon, sinadya ni Meg na pumasok nang saktong-sakto sa first subject, iyong tipong papasok

na ang teacher sa classroom. Hindi lang kasi ang mga kaibigan ang sumusubok na makipag-usap sa kanya, kundi maging si Viel.

Hindi naman sa pagiging bitter dahil alam niya sa sarili na wala siyang karapatan para maging ganoon, pero ayaw niya itong makausap. Ayaw niyang pasakitan pa ang sarili niya. Mag-fo-focus na lang siya sa mga bagay na mas dapat niyang pinagtuunan ng pansin.

Isa pa, ilang buwan na lang ay magtatapos na sila sa high school. Mas dapat niyang pagbutihan ang pag-aaral para sa college.

“At dahil umiingay na kayo,” ani Sir Carbilledo matapos nitong kumustahin ang bakasyon nila. “Magbabago ulit tayo ng seating arrangement.”

Umangal ang buong klase samantalang natensyon si Viel. Si Meg naman ay lihim na natuwa, pumapabor sa kanya ang pagkakataon. Mas pinadali nito ang mga bagay-bagay para sa kanya.

“Gonzalo, d’un ka sa unahan,” utos nito saka itinuro ang silya sa tabi ni Amiel. Pinagpalit lamang sila ni Amethyst.

“Pero, Sir,” dinig niyang apela ni Viel na hindi na pinansin ng kanilang guro. Samantalang mabilis naman siyang tumayo at lumipat doon.

“Uy, bes,” ani Amiel at inambahan pa siya ng high five. At dahil masaya siya, sinalo niya iyon. “Saya mo, ah?” komento pa nito.

“Siyempre!”

Ngumisi ang kaibigan. “Sa wakas, makakahinga ka na ’no?”

Hindi niya na pinansin ang pang-aalaska nito, sa halip ay naglabas ng notebook at doon nagsimulang magsulat.

Akala ni Meg ay kailangan niya pang mag-effort sa pag-iwas kay Viel maging sa breaktime ngunit nagkamali pala siya. Pagkalabas nila ay nakita niyang nag-aabang si Debbie sa labas ng classroom nila at hindi na kailangan pang itanong kung sino ang hinihintay nito.

Kasabay pa rin niyang kumain sina Amethyst at Jang Mi. Akala pa nga niya ay kukulitin siya ng mga ito ngunit hindi, nanahimik lang ang dalawa kahit kita niya sa tingin ng mga ito na kating-kati nang magtanong.

“Hey, Meg,” bati ni Viel.

Humabol pala ito nang palabas na siya ng classroom. Sa pagkakataong iyon, hindi niya na ito pinagtataguan o iniwasan, kailangan niya lang talagang pumunta sa office ng school newspaper nila para maipasa na ang ginawang article. Puwede niya namang i-email na lang iyon, pero gusto niyang personal na marinig ang feedback doon.

“Uy, ’kaw pala,” kaswal niyang sabi kahit na kabadong-kabado siya at sobrang bilis ng pintig ng kanyang puso.

Pakiramdam ni Meg ay sobrang tagal niya nang hindi nakasama ang lalaki; at kahit na magkaharap sila, parang ang layo-layo na nila sa isa’t isa simula nang araw na iyon.

At ayun na naman ang mga mata nitong kung makatitig ay parang siya lang ang babaeng nakikita samantalang ibang babae ang totoong tinitingnan nito.

“Iniiwasan mo ba ako? Kahit n’ung bakasyon, di mo ’ko nire-reply-an.”

“Lahat naman kayo di ko nire-reply-an,” sagot niya saka pumeke ng tawa. Nang hindi man lang nag-react si Viel ay tumikhim siya at nagseryoso na. “Ano kasi, busy rin ako. Alam mo ’yun, tinutupad ko

'yung pangarap ko. Mga gan'ong effect ba."

Tumango ito kahit halatang hindi kumbinsido. "Busy ka pa rin ba? May sasabihin sana ako."

Kahit sobrang curious si Meg sa sasabihin nito ay umatras siya at umiling. "Sorry." Hindi lang para sa pagtanggap niya sa oras na iyon kundi para sa mga susunod pa. "May ipapasa pa kasi ako, eh."

"Bukas?"

"May tinatapos pa ako eh..."

"Sa isang araw?"

"Nako, di ko ito matatapos agad."

Kumunot na ang noo ni Viel. Alam niyang nakakahalata na ito.

"Di mo 'ko habambuhay na maiiwasan, Meg. Nand'yan pa si Matti."

"Yun na nga. P'wede bang mag-schedule tayo ng pag-aalaga sa kanya? Magiging busy rin kasi talaga ko, eh," sagot ng dalaga na umarteng para bang hirap na hirap talaga sa buhay para lang makumbinsi ang kaklase.

Ngunit base sa hitsura ni Viel, hindi pa rin ito naniniwala ngunit mukhang pagbibigyan na ang kanyang palusot. Saka wala rin naman itong magagawa kung ayaw niyang makipag-usap.

"Sooner or later, we'll talk. You can't always run away from me, Meggy."